

Exhibit B

Kasunduan ng Customer sa mga Tuntunin at Kondisyon ng TECH Program

Paglalarawan ng Programa: Ang inisyatiba ng TECH Clean California (tinukoy dito bilang “Programa”) ay nagbibigay ng mga insentibo para sa pag-i-install ng mga kwalipikadong HVAC heat pump (“HVAC Heat Pumps”) at Heat Pump Water Heater (“HPWH”) sa mga site ng kwalipikadong customer (“Customer”). Ibinabayad ang mga insentibo ng programa sa kontraktor na mag-i-install (“Kalahok na Propesyonal sa Kalakalan”) sa kondisyon na ibibigay sa Customer, o sa iba pang partido na itinalaga ng Customer, ang buong halaga ng mga insentibo para ibawas sa mga gastos sa proyekto. Ang mga residensyal na Customer (kabilang ang mga single family at multifamily na gusali) sa California lamang ang karapat-dapat na makatanggap ng mga insentibo ng HVAC Heat Pump. Karapat-dapat na tumanggap ng mga insentibo ng HPWH ang lahat ng residensyal na Customer sa California, at komersyal na Customer na pinaglilingkuran ng Pacific Gas & Electric (“PG&E”), Southern California Edison (“SCE”), at San Diego Gas & Electric (“SDG&E”). Available ang higit pang impormasyon sa Programa sa: [website]

Ipinapatupad ng Cohen Ventures, Inc. dba Energy Solutions (“Energy Solutions”) ang Programa sa ngalan ng Southern California Edison Company (“SCE”), na nangangasiwa sa Programa sa direksyon ng California Public Utilities Commission (“CPUC”).

Kapag pinirmahan mo ang dokumentong ito, ikaw, bilang isang inaasahang Customer ng Programa, ay sumasang-ayon sa mga tuntunin ng Programa, at nagpapahiwatig na nabasa at nauunawaan mo ang mga pagsisiwalat ng Programa, na itinakda sa ibaba. Sumasang-ayon ka rin, o ang may-ari ng utility account (“May-ari ng Account”) kung sa mga partikular na pagkakataon ay magkaibang partido ayon sa ipinapahiwatig sa ibaba, na ibahagi ang mga partikular na impormasyon para payagan ang pagpoproseso ng mga pagbabayad ng insentibo at sa pag-enroll ng iyong account ng serbisyo sa kuryente sa isang rate plan ng Time of Use (“TOU”).

Seksyon 1: Pangkalahatang Tuntunin at Kondisyon

ABISO

Hindi obligado ang mga Consumer ng California na bumili ng anumang serbisyo na binabayaran ng buo o iba pang serbisyo na hindi pinondohan ng programang ito. Ang programang ito ay pinondohan ng mga nagbabayad ng rate at buwis ng California at pinangangasiwaan at ipinatutupad ng Energy Solutions sa pamamagitan ng isang kontrata sa Southern California Edison Company sa ngalan ng iba’t ibang utility ng California at sa tulong ng California Public Utilities Commission (CPUC). Ibabahagi sa mga

awtorisadong entity ang anumang data na nauugnay sa programang ito, kasama ang anumang data ng customer. Kabilang dito ang, ngunit hindi limitado sa, mga gumagawa ng patakaran, tagapagpatupad ng programa, at tagasuri ng programa sa ilalim ng mga protocol ng pagiging kumpidensyal. Hindi ito nangangailangan ng pahintulot ng indibidwal na customer dahil hindi isapubliko ang data na ito at susundin nito ang mga panuntunan sa pagiging kumpidensyal at protocol na itinatag ng CPUC sa mga naunang proseso.

Kwalipikadong Kagamitan: Ang mga Kwalipikadong Kagamitan lang na nakalista sa <https://frontierenergy-tech.my.site.com/contractorsupport/s/>, ang karapat-dapat na tumanggap sa mga insentibo ng Programa.

Pagpopondo ng Programa: Ang programang ito ay pinondohan ng mga nagbabayad ng rate at buwis ng California. Napapailalim sa ilang partikular na limitasyon ang kabuuan at ang ilang partikular na bahagi ng pagpopondo sa insentibo ng Programa at available ito sa first-come, first-served basis hanggang sa maubos ang pondo o wakasan ang Programa. Maaaring ibigay ang mga pagpopondo para sa mga proyekto ng HPWH sa pamamagitan ng programa ng Self-Generation Incentive Program (“SGIP”) HPWH na pinagtibay ng CPUC sa mga Desisyon sa 19-09-027 at 20-01-021.

Patakaran sa pagkansela, mga kinakailangan, proseso, at anumang naaangkop na mga bayarin: Libre ang paglahok sa Programa. Gayunpaman, dapat mong malaman na kung pumili ka ng isang Kalahok na Propesyonal sa Kalakal at pagkatapos ay inalis ito sa Programa sa anumang dahilan, maaaring hindi na maging kwalipikado ang Kalahok na Propesyonal sa Kalakal para sa mga insentibo at maaaring hindi na ito magbigay ng anumang diskwento sa iyo, depende sa kasunduan ninyo ng iyong Kalahok na Propesyonal sa Kalakalan. Hindi partido sa kasunduan ninyo ng Kalahok na Propesyonal sa Kalakalan ang Energy Solutions, SCE, o ang iba pang utility ng California, at ikaw ang dapat lumutas sa anumang hindi pagkakaunawaan na mayroon ka sa kanila.

Panganib at Pakinabang ng Paglahok: Walang garantisadong pakinabang ang paglahok sa Programa. Kapag available, maaaring malaki ang maibabawas ng mga insentibo sa mga gastusin sa pag-install ng Kwalipikadong Kagamitan, pero walang mga garantiya na makakapagbigay ang naturang pag-install ng tiyak na halagang matitipid sa enerhiya. Walang pananagutan ang Programa, mga sponsor nito o ang Energy Solutions para sa anumang hindi nabayarang insentibo, na maaaring magdulot ng panganib sa pag-install ng Kalahok na Propesyonal sa Kalakalan at sa iyo. Kapag pumirma ka sa ibaba, kinikilala at tinatanggap mo ang lahat ng panganib na nauugnay sa paglahok sa Programa.

Mga Kaakibat: Ang pag-install ng Kalahok na Propesyonal sa Kalakalan at and Energy Solutions o ibang ikatlong partido na may kaugnayan sa Programa ay hindi mga kinatawan o kaakibat ng SCE, CPUC o anumang Gas Corporation.

Mga Kinakailangan sa Pag-install: Dapat na naka-install ang Kwalipikadong Kagamitan para sa iyong benepisyo lamang at, kung ang Kwalipikadong Kagamitan ay isang HVAC Heat Pump, dapat naka-install ito bilang kapalit ng kasalukuyang furnace, o may mga control na naka-install na pumipigil sa paggana ng umiiral na furnace bilang pangunahing pinagmumulan ng heating.

Mga Protokol sa Katiyakan ng Kalidad at Pagkontrol sa Kalidad: Sasailalim ang lahat ng aplikasyon para sa mga insentibo sa mga awtomatiko at manu-manong protocol na idinisenyo ng Energy Solutions upang matukoy ang pagiging karapat-dapat sa Programa at madiskobre ang panloloko. Maaaring suriin ng mga naturang protocol ang kagamitan at pagiging karapat-dapat ng customer, kumpirmahin na pinalitan ang kasalukuyang sistema ng heating, at tukuyin kung maayos na gumagana ang naka-install na Kwalipikadong Kagamitan.

Mga Inspeksyon, Beripikasyon, at Pagsusuri: Sasailalim ang pag-install ng kagamitan sa beripikasyon at pagsusukat ng Energy Solutions, mga kinatawan nito at mga tagasuri ng Programa, ayon sa inaprubahan ng CPUC. Maaaring isagawa ang beripikasyon, pagsusuri (kabilang ang mga inspeksyon sa iyong address mismo) at pagsusukat sa lahat ng Kwalipikadong Kagamitan o napiling bahagi nito. Maaaring kabilang sa mga aktibidad sa pagsusuri ang mga survey at panayam ng mga kontraktor at mga may-ari/naninirahan sa bahay upang maunawaan ang paggana ng kagamitan at ang karanasan sa Programa.

Seksyon 2: Mga Tuntunin at Kondisyon ng Heat Pump Water Heater

Dapat kumpletuhin ng May-ari ng Account sa utility, o ng awtorisadong kinatawan ng May-ari ng Account, ang seksyong ito maging kwalipikado ang proyekto para sa Programang insentibo ng HPWH.

Kung hindi iisang partido ang May-ari ng Account at ang Customer (hal., ang Customer ang may-ari ng ari-arian pero ang nangungupahan ang May-ari ng Account), dapat kumpletuhin at pirmahan ng May-ari ng Account ang seksyong ito, at dapat kumpletuhin at pirmahan ng Customer ang Seksyon 3.

Tinukoy ng uri ng proyekto ang May-ari ng Account na dapat kumumpleto sa seksyong ito nang ayon sa nakalista sa ibaba:

- Para sa mga proyekto ng Multifamily Unitary HPWH (i.e., residensyal na gusali na may 2 o higit pang residente): ang may-ari ng account sa utility para sa (mga) karaniwang metro ng ari-arian.
- Para sa mga proyekto ng Multifamily Central HPWH (i.e., residensyal na gusali na may 2 o higit pang residente): ang may-ari account sa utility para sa (mga) metro na ginagamit sa pangkalahatang HPWH.
- Para sa lahat ng iba pang proyektong pangresidensyal at hindi pang residensyal: ang may-ari ng account sa utility para sa tirahan o negosyo.

Kinakailangan sa Pag-enroll ng Programa para sa Demand Response:

Tumutulong ang mga programa sa demand response (DR) na mapababa ng mga consumer ang kanilang paggamit ng kuryente sa mga araw na may pinakamalaking pangangailangan sa

electric grid. Nagpapadala ng mga abiso sa consumer o appliances ang mga programang ito para i-optimize ang timing ng kanilang paggamit ng enerhiya para makatipid sa bill at makinabang ang publiko. **Dapat lagyan ng check ng May-ari ng Account ang kahon sa ibaba at sumang-ayon na mag-enroll sa isang kwalipikadong programa ng DR at manatiling naka-enroll nang hindi bababa sa tatlong taon. Bisitahin ang switchison.org/tech/hpwh-dr para matuto ng higit pa tungkol sa mga kwalipikadong opsyon at benepisyo ng programa ng DR.**

- Ako, ang May-ari ng Account o awtorisadong kinatawan ng May-ari ng Account, ay nakauunawa at sumasang-ayon na mag-enroll sa isang kwalipikadong programa ng demand response sa loob ng tatlong taon, kung may available sa lugar ko. Kung available na programa para sa HPWH optimization sa lugar ko, kinikilala ko na makakatanggap ako ng impormasyon tungkol dito.

Kinakailangan sa Pag-enroll sa Time of Use:

Nalalapat lamang ang kinakailangang ito sa:

- Mga proyekto ng Residential Unitary HPWH (kabilang ang mga account sa utility ng mga tahanan para sa single family, at mga account sa utility ng common area ng multifamily)
- Mga proyekto ng Small Business Unitary HPWH (i.e., mga proyekto sa mga gusaling hindi pangresidensyal na nakatugon sa mga kinakailangan para sa pag-install ng Residential Unitary HPWH kasama ang mga kinakailangan sa kagamitan, pag-install, at pag-enroll)

Magkaiba ang sinisingil na presyo sa kuryente ng mga TOU rate sa isang araw, na nagbibigay-daan sa mga consumer na samantalahin ang mga oras kung saan mas mura at mas malinis ang produksyon ng kuryente. May pagkakataon ang mga may-ari ng account sa TOU rate na bawasan ang kanilang bill sa kuryente gamit ang HPWH schedule optimization, na dapat i-set up ng kanilang Kalahok na Propesyonal sa Kalakalan sa panahon ng pag-install sa HPWH.

Dapat mag-enroll ang May-ari ng Account sa isang TOU rate kung hindi pa nila ito nagagawa. Kung hindi mo isasaad sa ibaba ang partikular na TOU rate kung saan gusto mong mag-enroll, sumasang-ayon kang i-enroll ng iyong electric utility sa default na TOU rate plan nito, bilang kondisyon ng iyong paglahok sa Programa. Kung nasa TOU rate ka na, pananatilihin ka ng iyong electric utility sa rate na iyon maliban kung pipili ka ng ibang TOU rate sa ibaba. Kapag na-enroll ka na sa TOU rate, o nailipat sa isang TOU rate kung iyon ang pinili mong opsyon, ng iyong electric utility, inaasahan na mananatili ka sa naturang billing rate sa loob ng 12 buwan. Hindi mababayaran ang mga insentibo sa Programa hangga't hindi kinukumpirma sa Energy Solutions ng iyong electric utility ang pag-enroll na ito sa TOU rate. Kung bibili ka ng kuryente sa Community Choice Aggregator (“CCA”), kukumpletuhin ng iyong electric utility ang iyong pag-enroll sa ngalan ng iyong CCA.

- Dapat lagyan ng check ng May-ari ng Account ang kahon sa ibaba upang sumang-ayon sa pag-enroll sa TOU rate. Hindi kailangan ang enrollment ng TOU**

rate kung hindi nag-aalok ng TOU rates ang iyong electric service provider o hindi ito nakalista sa [website]. Bisitahin ang switchison.org/tech/hpwh-tou para matuto ng higit pa tungkol sa iba't ibang opsyon sa TOU rate na available sa iyo. Ako, ang May-ari ng Account o awtoridasong kinatawan ng May-ari ng Account, ay nakauunawa at sumasang-ayon na kung mag-aalok ang aking electric utility ng mga TOU rate at hindi pa ako naka-enroll sa isang TOU rate, ilalagay ako ng aking electric utility sa isang TOU rate.

Lagyan ng check ang isa sa mga sumusunod:

- Nalalapat sa akin ang isa sa mga sumusunod na kundisyon:
 - Hindi ako naka-enroll sa isang TOU rate, at hinihiling ko sa aking electric utility na i-enroll ako sa default na TOU rate nito, kung mayroon man;
 - Naka-enroll na ako sa isang TOU rate, at hinihiling ko sa aking electric utility na panatilihin akong naka-enroll sa rate plan na iyon.
 - Hindi ako sigurado kung nasa TOU rate ako at tinatanggap ko na ilalagay ako ng aking utility sa default na TOU rate nito kung wala pa ako nito.
 - Hindi nakalista sa website sa itaas ang utility ko at kaya hindi ko kinakailangang mag-enroll sa isang TOU rate.
 - Hindi kasama sa kinakailangang ito ang uri ng aking proyekto (Multifamily Central o Large Commercial)
- Gusto kong ilipat ako ng aking utility sa sumusunod na rate: _____ .Kung mali ang rate na inilista ko, hinihiling ko sa aking electric utility na i-enroll ako sa default na TOU rate nito, kung mayroon man.

Kinakailangan sa Numero ng Account sa Utility:

Para makilahok, dapat maglista ng isang partikular na numero ng account ang mga May-ari ng Account ng mga sumusunod na electric utility, **kabilang ang lahat ng "0"**, na nagmula sa kanilang electric utility ayon sa inilarawan sa ibaba:

Kung nakatanggap ka ng serbisyo sa kuryente mula sa **Pacific Gas & Electric ("PG&E")**, dapat mong ilista ang iyong **Service Agreement ID** sa puwang na inilaan sa ibaba para sa beripikasyon ng iyong pagiging karapat-dapat na tumanggap ng mga insentibo ng Programa. Mahahanap ang numerong ito sa iyong PG&E bill at 10 digit ang haba:

PG&E Service Agreement ID: _ _ _ _ _

Kung nakatanggap ka ng serbisyo sa kuryente mula sa **Southern California Edison ("SCE")**, dapat mong ilista ang iyong **Service Account Number** sa puwang na inilaan sa ibaba para sa beripikasyon ng iyong pagiging karapat-dapat na tumanggap ng mga insentibo ng Programa. Mahahanap ang numerong ito sa iyong SCE bill at 10 digit ang haba, na nagsisimula sa "800":

SCE Service Account Number: 8 0 0 _ _ _ _ _

Kung nakatanggap ka ng serbisyo sa kuryente mula sa **San Diego Gas & Electric** (“**SDG&E**”) dapat mong ilista ang iyong **Account Number** sa puwang na inilaan sa ibaba para sa beripikasyon ng iyong pagiging karapat-dapat na tumanggap ng mga insentibo ng Programa. Mahahanap ang numerong ito sa iyong SDG&E bill at 12 digit ang haba:

SDG&E Account Number: _ _ _ _ _

Sumasang-ayon ka na maaaring ibahagi ng Energy Solutions ang impormasyon ng numero ng account na ito sa iyong electric utility para sa beripikasyon ng iyong pagiging karapat-dapat na lumahok sa Programa, beripikasyon ng iyong pag-enroll sa isang programa ng DR, at pag-enroll ng iyong utility account, o pagkumpirma naka-enroll ang iyong utility account sa isang TOU rate. Hindi dapat gamitin ng Energy Solutions ang impormasyon ng numero ng account na ito para sa anumang iba pang layunin at hindi pananatilihin ang impormasyong ito nang higit kaysa sa makatwirang tagal upang sumunod sa mga kinakailangan ng Programa.

**Pirma ng May-ari ng Account
Petsa**

Buong Pangalan

Seksyon 3: Pagkilala at Pirma

Customer, lagyan ng check ang isa o ang pareho sa mga sumusunod:

- Nag-a-apply ako para sa mga insentibo ng Programa para sa HVAC Heat Pump.** Sumasang-ayon ako sa mga tuntunin at kundisyon ng Seksyon 1.
- Nag-a-apply ako para sa mga insentibo ng Programa para sa Heat Pump Water Heater (HPWH).** Sumasang-ayon ako sa mga tuntunin at kundisyon ng Seksyon 1, at kung ako ang May-ari ng Account o kinatawan na awtorisado ng May-ari ng Account, nakumpleto ko na at sumasang-ayon ako sa mga tuntunin at kundisyon ng Seksyon 2. Kung hindi ako ang May-ari ng Account o kinatawan na awtorisado ng May-ari ng Account, kinumpirma ko na nakumpleto at nilagdaan ng partidong ito ang Seksyon 2.

Customer, hinihikayat ka, ngunit hindi kinakailangan, na suriin ang sumusunod:

- (Opsyonal) Gusto kong makipag-ugnayan tungkol sa mga programa ng demand response sa hinaharap na may kaugnayan sa aking HPWH para sa karagdagang pagtitipid sa singil sa kuryente, at pumapayag ako na ibahagi ng Energy Solutions ang aking impormasyon sa pakikipag-ugnayan at kagamitan sa mga potensyal na third-party na supplier ng naturang mga serbisyo para sa limitadong layunin ng pagbibigay ng naturang impormasyon sa akin.

Pirma ng Customer
Petsa

Buong Pangalan

Paunawa ng Karagdagang Pagkakataon sa Insentibo:

Pagpopondo sa Pag-upgrade ng Serbisyo sa Kuryente: Kwalipikado para sa karagdagang pagpopondo ang mga Customer ng PG&E, SCE, at SDG&E na nangangailangan ng serbisyo sa pag-upgrade ng kuryente bago ang pag-install ng HPWH upang mabayaran ang halaga ng ilang kinakailangang pag-upgrade. Dapat paalalahanan ng Customer ang kanilang kontraktor na ipahiwatig, sa form ng kahilingan sa serbisyo na ipinadala sa utility, na kailangan ang mga upgrade para sa isang proyekto ng TECH HPWH. Ang electric utility ang tutukoy kung aling upgrade ang kinakailangan, sa tulong ng pagkonsulta sa napiling kotraktor ng Customer.

Pagpopondo sa Equity: Nag-aalok ang Programa ng mas mataas na "Equity" na mga insentibo sa mga customer na nakakatugon sa ilang partikular na limitasyon ng kita. Alamin ang higit pa at kung maaari kang maging kwalipikado sa pamamagitan ng pagbisita sa switchison.org/tech/hpwh-equity

Pagpopondo ng Inflation Reduction Act: Maaari ding maging kwalipikado ang proyektong ito sa mga pondong ibinigay ng U.S. Department of Energy ayon sa awtorisasyon ng Inflation Reduction Act ng 2022. Hinihikayat kang alamin ang pagiging available ng mga naturang pondo para sa iyong proyekto, na hiwalay at hindi nauugnay sa Programa. Para sa higit na impormasyon sa pagpopondo sa Inflation Reduction Act, bisitahin ang https://www.energystar.gov/about/federal_tax_credits.

Sa pamamagitan ng pag-scan sa QR code na ito, maaari kang direktang mag-link sa higit pang impormasyon sa demand response, TOU rate, at mga insentibo ng Equity.
switchison.org/tech/hpwh-incentives



I-SCAN AKO